SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 21 SEP 2023 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME: DATE: 09/21/23 TIME: STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 366-T2023**

**KAPASIYAHAN PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PROGRAM PARA SA PAGLILIPAT NG PONDO NA MAY KABUUANG HALAGANG SIYAMNARAANG LIBO (P900,000.00) MULA SA FUEL, OIL AND LUBRICANT EXPENSES NA MAY HALAGANG P959,852.17 TUNGO SA TRAINING EXPENSES (P500,000.00); TRAVELLING EXPENSES (P200,000.00) AT REPRESENTATION EXPENSES (P200,000.00) NG TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan si Kgg. Rizaldy N. Kalaw, Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan, na makapaglipat ng pondo upang ilaan sa mga proyekto at gastusin ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay tinalakay ng bumubuo ng Sangguniang Bayan at inirekomendang ito ay pagtibayin;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las, Armas, Jr. Kgg. Patrocinia S. Kalaw at Kgg. Lucena R . Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Supplemental Investment Program para sa paglilipat ng pondo na may kabuuang halagang Siyam na raang Libong Piso (P900,000.00) mula sa Fuel, Oil and Lubricant Expenses na may halagang P959,852.17 tungo sa Training Expenses (P500,000.00); Travelling Expenses (P200,000.00) at Representation Expenses (P200,000.00) ng Tanggapan ng Sangguniang Bayan, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Tanggapan ng Sangguniang Bayan at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo